



Development, Validation and Acceptability of the Module in Cebuano Binisaya of Noli Me Tangere.

James Lloyd B. Calunsag¹, Anesa P. Mangindra²

¹Notre Dame Siena Colloège of Polomolok– South Cotabato, Philippines
Email: calunsagjameslloyd@gmail.com

²Graduate School, Sultan Kudarat State University, Philippines
Email: apmangindra@gmail.com

Abstract:

This study looks into how well students understand and use Sinugbuanong Binisaya, while also evaluating the effectiveness and acceptability of a Noli Me Tangere module translated into the language of Grade 9 students at Notre Dame Siena Colloège of Polomolok for the academic year 2024–2025. The research followed a descriptive-developmental design, with teachers chosen through Purposive Sampling and students selected through complete enumeration. It focused on assessing the translated text and module in terms of clarity, grammar, rhetorical accuracy, usefulness, and overall appropriateness, while also gauging how both teachers and students felt about the module. The findings showed that students demonstrated a strong command of Sinugbuanong Binisaya, and the module was positively received regarding its objectives, content, and design. There were no significant differences in how teachers and students accepted the module. Overall, the study concluded that teaching Noli Me Tangere in the native language helped improve students' understanding of the text and fostered a deeper appreciation of the culture and language. The study recommends expanding this approach to another schools and local languages in the Philippines, alongside providing additional training for educators to further improve the quality of language-based teaching.

Keywords: *language, education, translation, and cultural aspects related to teaching Noli Me Tangere in Cebuano Binisaya.*

PANIMULA

Ang katutubong wika ay kinikilala sa buong mundo bilang isa sa pinakamabisang paraan upang gumana ang kognitibong kakayanan at sosyal ng sinuman mag-aaral na nakikipag-ugnayan. Ang katutubong wika ay may mahalaga na puwesto sa pandaigdigang tanawin ng wika at gampanin nito sa pagkatuto at pag-unawa. batay sa pag-aaral nina Ndamba et al., (2017), Ang katutubong wika ay may mahalagang gampanin sa paghubog ng kakayahan ng mga mag-aaral, dahil ito ang nagsisilbing tulay upang mas mapadali nilang maunawaan at malikha ang kaalaman..

Tulad ng marami sa mga bansa sa Asya lalo na sa Timog Silangan, ang Pilipinas ay nailalarawan sa pamamagitan ng indibidwal at kolektibong multilinggwalismo, tahanan ng mahigit 180 natatanging wika (Lewis et al., 2013). Hindi tulad ng mga kapitbahay nito, gayunpaman, ang Pilipinas ay ang tanging bansa sa Timog Silangang Asya ay nagpasimula ng isang pambansang patakaran na nangangailangan ng katutubong wika na multilinggwal na edukasyon. Ang Pilipinas ay kumakatawan sa isang mahalagang halimbawa para sa ibang mga bansa habang sinusubukan nilang umunlad sapatakaran sa wika-sa-edukasyon at isabuhay ito Filmore (2014). Dagdag nito, naisabatas ang Multilingual Education Bill No. 3719 na sumusulong na maging opisyal na wikang panturo mula Baitang 1 hanggang Baitang 6 ang mga lokal na wika noong ika-6 Marso 2008 (Kim et al., 2020).

Samakatuwid, iminumungkahing pagdulog din sa mga lokal na paaralan sa sangay ng mga paralan sa bayan ng Polomolok na may iba't ibang wikang ginagamit. Mayroong nagsasalita ng Tagalog, Ilonggo, Maguindanaon, B'laan at Bisaya (Cebuano) sa lugar na ito, ngunit karamihan sa mga naninirahan sa bayan pati na ang mga mag-aaral ay gumagamit ng wikang Mindanawong Binisaya at Tagalog naman ang kalimitang maririnig sa mga matatanda na pakikipag-usap sa kanilang mga anak na may edad isa (1) hangang pito (7) pataas. Kaya naman, isang multilinggwal ito na bayan. Magkagayunpaman, maraming mga Pilipinong mag-aaral ang humaharap sa iba't ibang suliranin sa edukasyon. Ito ay kalimitang nagsisimula kapag hindi maunawaan ang kanilang panturo na ginamit ang mga guro. Pangalawa, nahihirapan ang isang mag-aaral na maipahayag ang nais niyang sabihin dahil sa wikang hindi nya ginagamit (Taylor, 2019).

Bagamat maraming mga pag-aaral na ang tumatalakay sa papel ng katutubong wika sa edukasyon sa Pilipinas ngunit kakaunti ang mga partikular na pagsasaliksik na nakatutok sa pagdebelop, balidasyon, at akseptabilidad ng mga modyul na gumagamit ng Sinugbuanong Binisaya sa pagtuturo (Banawa, 2001; Nibalvos, 2017; Arevalo, 2022; at Rabuya, 2023).

Batay sa mga nakuha na datos, ang mananaliksik ay naglalayong magdebelop, balideyt at akseptabilidad ng isang modyul. Layunin nitong makabuo ng modyul na sasalamon sa akdang Noli Me Tangere na naisusulat sa unang wikang Sinugbuanong Binisaya sa Rehiyon XII, partikular na sa Bayan ng Polomolok, Probinsya ng Timog Cotabato. Sa paggamit ng Noli Me Tangere ito bilang lundayan ng edukasyon, inaasahang ito ay magiging tulay upang punan ang kakulangan ng paggamit ng unang wikang Sinugbuanong Binisaya sa pampagtuturo at masuportahan ang pagpapanatili ng unang wikang Sebuano para sa susunod na mga henerasyon.

Ang pangkalahatang layunin ng pag-aaral na ito ay sukatin ang antas ng pagtanggap sa paggamit ng Modyul bilang kagamitang panturo batay sa unang wikang Sinugbuanong Binisaya ng Noli Me tangere. Ispesipilong nilalayon din ng -ag-aaral na masagot ang sumusunod na katanungan:

1. Ano ang kasanayan sa pagkatuto ng mag-aaral sa Sinugbuanong Binisaya?
2. Ano ang antas ng baliditi ng isinaling tekstong Noli Me Tangere sa wikang Sinugbuanong Binisaya ayon sa:
 - 2.1. Kawastuhang Pangretorika;
 - 2.2. Kawastuhang Panggramatika;
 - 2.3. Kalinawan sa Salin at;
 - 2.4. Katangiang Pampanitikan?

3. Ano ang antas ng baliditi ng denebelop na Modyul sa wikang Sinugbuanong Binisaya ayon sa:
 - 3.1. Bisa sa Nilalaman
 - 3.2. Pagkagamitin; at
 - 3.3. Kaangkupan?
4. Ano ang antas ng akseptabilidad ng denebelop na Modyul sa wikang Sinugbuanong Binisaya ayon sa:
 - 4.1. Layunin;
 - 4.2. Nilalaman; at
 - 4.3. Pormat ayon sa:
 - 4.3.1. Pagkakabuo;
 - 4.3.2. Ilustrasyon;
 - 4.3.3. Disenyo;
 - 4.3.4. Presentasyon at Organisasyon; at
 - 4.3.5. Pagsasanay?
5. Ano ang antas ng akseptabilidad ng mga mag-aaral sa modyul sa Sinugbuanong Binisaya ayon sa:
 - 5.1. Layunin;
 - 5.2. Nilalaman; at
 - 5.3. Pormat ayon sa:
 - 5.3.1. Pagkakabuo;
 - 5.3.2. Ilustrasyon;
 - 5.3.3. Disenyo;
 - 5.3.4. Presentasyon at Organisasyon; at
 - 5.3.5. Pagsasanay?
6. May makabuluhang pagkakaiba ba ang antas ng akseptabilidad ng guro at mag-aaral sa modyul ng isinaling tekstong Noli Me Tangere sa wikang Sinugbuanong Binisaya?

METODOLOHIYA

2.1 Disenyo

Pamamaraang deskriptib-debelopmental ang disenyo sa pananaliksik na ito. Ang deskriptib-debelopmental ay mainam gamitin kung ang layunin ng isinagawang pag-aaral ay malaman ang katangian o kasanayan upang makabuo ng isang awtput para sa pag-unawa ng mga mag-aaral (Ferrer, 2010). Dagdag pa ni Miculob (2020), may apat ito na yugto na binubuo ng sumusunod: analisis, disenyo, debelopment, at ebwalasyon. Ang pananaliksik ay isinagawa sa tatlong yugto: pagbuo ng modyul; pagpapatunay; at pagsukat ng mga antas ng pagtanggap.

2.2 Respondente

Ang pananaliksik na ito ay nakatutok sa akseptabilidad ng modyul sa ikalawang markahan ng taong panuruan 2024-2025, na isinagawa sa mga mag-aaral ng Notre Dame Siena College of Polomolok at tatlumpu (30) mga guro na nagmula sa iba't ibang paaralan Kasama sa mga guro ang anim (6) na may karanasan sa pagtuturo ng wikang Filipino at ang unang wika ay

Sinugbuanong Binisaya, mula sa mga paaralan sa Dibisyon ng Heneral Santo at Dibisyon ng Timog Cotabato. Ang balidasyon ng modyul ay isinagawa sa pamamaraan ng pagtukoy ng akseptabilidad nito sa mga guro at mag-aaral, kung saan ang mga kalahok na mag-aaral sa pananaliksik na ito, ay apatnaput anim (46) na mag-aaral mula sa Baitang 9 ng Notre Dame Siena College of Polomolok.

2.3 Instrumento

Ang pangunahing instrumento na ginamit sa pananaliksik na ito ay ang mga ipinabalidong pagsusulit at salin ng Noli Me Tangere, sa pagbuo ng modyul na binuo ng mananaliksik. Ang pagsusulit ay dumaan sa pilot testing para maisailalim ito sa aytem analisis upang maging istandardisado. Ang aytem analisis ay isinagawa sa pamamagitan ng difficulty value (dv) at discriminating power (dp). Mula sa walumpung aytem (80), may natirang apatnaput limang aytem (45) bilang istandardisadong pagsusulit na siyang ginamit at naging batayan sa pagbuo ng modyul na binuo ng mananaliksik.

Ang nabuong modyul ay dinaan sa balidasyon ng salin sa anim ekspertong guro at anim na guro para sa antas ng akseptabilidad na mula sa OP Siena Schools, DepEd South Cotabato at DepEd General Santos City at apatnapu't anim (46) mag-aaral sa akseptabilidad n amula sa Notre Dame Siena College of Polomolok.

Gugamit ang mananaliksik ng talatanungan na sinagutan ng panel ng mga dalubhasa. Ito ay binubuo ng antas ng pagkakasalin batay sa kawastuhang panretorika, kawastuhang panggramatika, kalinawan ng salin, at katangiang pampanitikan; Antas ng baliditi ayon sa bisa ng nilalaman, pagkagamitin, at kaangkupan; Antas ng akseptabilidad ayon sa layunin, nilalaman, at pormat. May resulta ito ng content validity index na 0.04 ang talatanungan para sa pagbabalido ng modyul ibig sabihin mataas ang baliditi ng talatanungan, nakakuha naman ng content validity index na 0.04 ang balidasyon sa talatanungan para sa akseptabilidad ng modyul ibig sabihin mataas ang baliditi ng talatanungan sa akseptabilidad ng modyul. Nakakuha ng content validity index na 0.5 ang balidasyon ng talatanungan para sa pagbabalido ng pagsasalin ng Noli Me tangere patungo sa wikang Sinugbuanong Binisaya kaya ibig sabihin mataas ang antas ng balidi ng instrumentong ginamit sa talatanungan para sa pagsasalin. Batay sa resulta ng content validity index na hinango sa pag-aaral nina Francisquite (2011), Peteros (2022) at Literal(2023), balido ang instrument na ginamit ng mananaliksik.

RESULTA

Tinaya ng pananaliksik na ito ang kasanayan sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa unang wikang Sinugbuanong Binisaya. Makikita sa ibaba ang antas ng kasanayan sa pagkatuto ng mag-aaral sa Sinugbuanong Binisaya batay sa ibinigay na pagsusulit.

Talahanayan 1. Antas ng Kasanayan sa Pagkatuto ng Mag-aaral sa Sinugbuanong Binisaya.

Reyting	Frequency	Porsyento	Reyting
0-74	0	0%	Di Nakamit ang Kasanayan
75-79	0	0%	Katamtaman na Husay na Kasanayan
80-84	0	0%	Mahusay na Kasanayan
85-89	15	25.42%	Napakahusay na Kasanayan
90-100	44	74.58%	Pinakamahusay na Kasanayan
Kabuonan	56	100%	

Batay sa Talahanayan 1, mayroong 56 na mag-aaral na isinama sa pagsusuri ukol sa kanilang kasanayan sa pagkatuto ng Sinugbuanong Binisaya. Walang mag-aaral ang nakapagtagmo ng mababang marka, katamtamang husay, o mahusay na kasanayan. Labing-lima (15) sa kanila ang nakakuha ng napakahusay na kasanayan, na kumakatawan sa 25.42%, habang apatnapu't apat (44) naman ang nakakuha ng pinakamahusay na kasanayan, na may porsyentong 74.58%. Sa kabuuan, ang mga mag-aaral ay nagpapakita ng mataas na antas ng kasanayan sa wika.

Matutunghayan na talahanayan 2 na naglalahad ng pangkalahatang resulta ng antas ng baliditi ng isinaling tekstong Noli Me Tangere sa wikang Sinugbuanong Binisaya.

Talahanayan 2. Pangkalahatang Resulta ng Antas ng Baliditi ng Isinaling Tekstong Noli Me Tangere sa Wikang Sinugbuanong Binisaya.

Pamantayan	Mean	SD	Deskripsiyon
Kawastuhang Panretorika	4.70	0.49	Napakabalido
Kawastuhang Panggramatika	4.70	0.49	Napakabalido
Kalinawan sa Salin	4.67	0.56	Napakabalido
Katangiang Pampanitikan	4.77	0.45	Napakabalido
Kabuonan	4.71	0.44	Napakabalido

Ang pamantayan sa Kawastuhang Panretorika at Kawastuhang Panggramatika ay parehong nakakuha ng iskor na ($M=4.70$, $SD=0.49$), na may deskripsiyon na napakabalido. Sa pamantayan naman ng kalinawan ng salin ng Noli Me Tangere sa wikang Sinugbuanong Binisaya, ang mean na nakuha ay ($M=4.67$, $SD=0.56$), na may deskripsiyon ding napakabalido. Samantala, ang pamantayan sa katangiang pampanitikan ng pagkakasalin ng modyul ay nakakuha ng mean na ($M=4.77$, $SD=0.45$), na nagpapakita rin ng napakabalidong deskripsiyon. Sa pangkalahatan, ang antas ng baliditi ng isinaling Noli Me Tangere sa Sinugbuanong Binisaya ay nagkamit ng mean na ($M=4.71$, $SD=0.44$), na nagpapakita ng deskripsiyon na napakabalido.

Ang susunod na talahanayan ay naglalatag ng pangkalahatang resulta ng antas ng baliditi ng binuong na Modyul sa tekstong Noli Me Tangere sa wikang Sinugbuanong Binisaya.

Talahanayan 3. Pangkalahatang Resulta ng antas ng baliditi ng denebelop na Modyul sa wikang Sinugbuanong Binisaya.

Pamantayan	Mean	SD	Deskripsiyon
Bisa ng Nilalaman	4.56	0.56	Napakabalido
Pagkagamitin	4.65	0.57	Napakabalido
Kaangkupan	4.52	0.54	Napakabalido
Kabuoan	4.58	0.56	Napakabalido

Ang pamantayan sa Bisa ng Nilalaman ay nakakuha ng iskor na ($M=4.56$, $SD=0.56$), na may deskripsiyon na napakabalido. Sa kabilang banda, ang pamantayan sa Pagkagamitin ng binuong modyul sa wikang Sinugbuanong Binisaya ay nakakuha ng mean na ($M=4.65$, $SD=0.57$), na may deskripsiyon ding napakabalido. Samantala, ang pamantayan sa Kaangkupan ay nakakuha ng mean na ($M=2.52$, $SD=0.54$), at ito rin ay may deskripsiyon na napakabalido. Sa kabuuan, ang antas ng baliditi ng binuong modyul sa wikang Sinugbuanong Binisaya ay nagkamit ng ($M=4.58$, $SD=0.56$), na nagpapakita ng deskripsiyon na napakabalido.

Matutunghayan sa Talahanayan 7 ang antas ng akseptabilidad ng binuong na modyul sa isinaling tekstong Noli Me Tangere sa wikang Sinugbuanong Binisaya.

Talahanayan 4. Pangkalahatang Resulta ng Antas ng Akseptabilidad ng Denebelop na Modyul ng Isinaling Tekstong Noli Me Tangere sa Wikang Sinugbuanong Binisaya.

Pamantayan	Mean	SD	Deskripton
Layunin	4.76	0.43	Lubos na Katanggap-tanggap
Nilalaman	4.63	0.49	Lubos na Katanggap-tanggap
Pagkakabuo	4.67	0.56	Lubos na Katanggap-tanggap
Ilustrasyon	4.57	0.50	Lubos na Katanggap-tanggap
Disenyo	4.61	0.50	Lubos na Katanggap-tanggap
Presentasyon at Organisasyon	4.60	0.50	Lubos na Katanggap-tanggap
Pagsasanay	4.65	0.48	Lubos na Katanggap-tanggap
Kabuoan	4.63	0.49	Lubos na Katanggap-tanggap

Batay sa Talahanayan 4, ang Layunin ay may pinakamataas na mean na 4.76 ($SD=0.43$), na nangangahulugang “Lubos na Katanggap-tanggap.” Sinundan nito ng Nilalaman ($M=4.64$, $SD=0.49$) at Pagkakabuo ($M=4.67$, $SD=0.58$), na pareho ang nakamit na deskriptibong antas. Ang Ilustrasyon ay may mean na 4.57 ($SD=0.50$), na nananatiling “Lubos na Katanggap-tanggap.” Kasunod ang Disenyo na may ($M=4.61$, $SD=0.50$) at Presentasyon at Organisasyon ($M=4.60$, $SD=0.50$), na pareho ang nakamit na deskriptibong antas. Nakakuha naman ang Pagsasanay ng ($M=4.65$, $SD=0.48$) na may deskriptibong reytng na “Lubos na Katanggap-

tanggap.” Sa kabuuan, ang bunuo na modyul ay may mean na 4.63 (SD=0.49), na nagpapakita ng mataas na antas ng pagtanggap.

Ang talahanayan na susunod na maglalahad ng pangkalahatang resulta ng antas ng akseptabilidad ng mga mag-aaral sa modyul ng isinaling tekstong Noli Me Tangere sa wikang Sinugbuanong Binisaya.

Talahanayan 5. Pangkalahatang Resulta ng Antas ng Akseptabilidad ng mga mag-aaral sa Modyul ng Isinaling Tekstong Noli Me Tangere sa Wikang Sinugbuanong Binisaya.

Indikeytors	Mean	SD	Deskripton
Layunin	4.54	0.55	lubos na Katanggap-tanggap
Nilalaman	4.58	0.50	lubos na Katanggap-tanggap
Pagkakabuo	4.58	0.56	lubos na Katanggap-tanggap
Ilustrasyon	4.60	0.50	lubos na Katanggap-tanggap
Disenyo	4.56	0.50	lubos na Katanggap-tanggap
Presentasyon at Organisasyon	4.55	0.50	lubos na Katanggap-tanggap
Pagsasanay	4.60	0.48	lubos na Katanggap-tanggap
Kabuoan	4.57	0.50	lubos na Katanggap-tanggap

Inilalahad sa Talahanayan 5 ang antas ng akseptabilidad ng modyul sa isinaling tekstong Noli Me Tangere sa wikang Sinugbuanong Binisaya mula sa mag-aaral. Batay sa datos, ang Layunin ay nakakuha ng mean reytng na 4.54 (SD=0.55) na nangangahulugang “Lubos na Katanggap-tanggap.” Sinundan nito ng Nilalaman (M=4.58,SD=0.50) at Pagkakabuo (M=4.58,SD=0.56), na pareho ang nakamit na deskriptibong antas. Ang Ilustrasyon ay may pinakamataas na mean na 4.60 (SD=0.50), na nananatiling “Lubos na Katanggap-tanggap.” Kasunod ang Disenyo na may (M=4.56,SD=0.50) at Presentasyon at Organisasyon (M=4.55,SD=0.50), na kapwa may mataas na pagtanggap. Ang Pagsasanay ay may mean na 4.60 (SD=0.48) na patuloy na nagpapakita ng positibong pagtanggap. Sa pangkalahatan, ang kabuoang mean na 4.57 (SD=0.50) ay nagpapahiwatig ng “Lubos na Katanggap-tanggap” ng kabataan sa modyul.

Makikita sa Talahanayan 6 sa kasunod na pahina ang pagkakaiba sa lebel ng akseptabilidad ng mga guro at mag-aaral sa modyul ng Isinaling Tekstong Noli Me Tangere sa Wikang Sinugbuanong Binisaya,

Talahanayan 6. Makabuluhang Ugnayan ng Antas ng Aksiptabilidad ng Guro at Mag-aaral sa Modyul ng Isinaling Tekstong Noli Me Tangere sa Wikang Sinugbuanong Binisaya.

Balideytor	n	Mean	sd	t-cal	p-value	Interpretasyon
Mag-aaral	46	4.58	0.25	0.72	0.48	Walang makabuluhang Pagkakaiba
Guro	30	4.62	0.24			

Makikita sa talahanayan na ang p-value na 0.48 at computed t-test na 0.72 na nagpapakita na walang makabuluhang pagkakaiba ang akseptabilidad ng guro at mag-aaral sa modyul ng isinaling tekstong Noli Me Tangere sa wikang Sinugbuanong Binisaya.

Batay sa mga datos, pareho ang pagtanggap ng guro at mag-aaral sa modyul, at hindi ito nakapagpapakita ng malalaking pagkakaiba sa kanilang mga pananaw. Ang mga estadistikal na resulta ay nagpapahiwatig na walang makatarungang basehan para sabihing may malalim na pagkakaiba sa kanilang mga opinyon.

INTERPRETASYON

Batay sa resulta, Malinaw na karamihan sa mga mag-aara ay nakakuha ng (74.58%) na nangangahulugan ng "Napakahusay" na reytng, habang (25.42%) ang nakakuha ng "Mahusay" na reytng. Walang mag-aaral na bumagsak at nauunawaan ng lubos ang pagsusulit na sinagutan. Ipinapakita ng mga resulta na mataas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wikang sinugbuanong binisaya. Dagdag nito, nagpamalas ng napakabalido ang antas ng baliditi ng isinaling tekstong Noli Me Tangere sa wikang Sinugbuanong Binisaya sa lahat ng bahagi ng balidasyon na kinabibilangan ng kawastuhang panretorika (M=4.70,SD=0.49), kawastuhang panggramatika (M=4.70,SD=0.49), at kalinawan sa salin (M=4.67,SD0.56), may napakabalido ng isinaling teksto. Ayon sa kinalabasan ng resulta, nagpamalas ng napakabalido ang antas ng baliditi ng binuo na modyul Noli Me Tangere sa wikang Sinugbuanong Binisaya sa lahat ng bahagi ng balidasyon na kinabibilangan ng bisa ng nilalaman (M=4.56,SD=0.56), pagkagamitin (M=4.56,SD=0.57), at kaangkupan (M=4.52,SD=0.54), may napakabalido ng baliditi ng denebelop na modyul.

Alinsunod sa resulta, nagpamalas ng lubos na tinatanggap ang antas ng Akseptabilidad ng binuong modyul ng Noli Me Tangere sa wikang Sinugbuanong Binisaya sa lahat ng bahagi ng akseptabilidad na kinabibilangan ng layunin (M=4.76,SD=0.43), nilalaman (M=4.63,SD=0.49), pagkakabuo (M=4.67,SD=0.50), ilustrasyon (M=4.57,SD=0.50), disenyo (M=4.61,SD=0.50), presentasyon at organisasyon (M=4.60,SD=0.50), at pagsasanay (M=4.65,SD=0.48). Kaugnay ng resulta, nagpamalas ng lubos na katanggap-tanggap ang antas ng akseptabilidad ng mag-aaral sa modyul ng Noli Me Tangere sa wikang Sinugbuanong Binisaya sa lahat ng bahagi ng akseptabilidad na kinabibilangan ng layunin (M=4.54,SD=0.55), nilalaman (M=4.58,SD=0.50), pagkakabuo (M=4.58,SD=0.49), ilustrasyon (M=4.60,SD=0.49), disenyo (M=4.56,SD=0.50), presentasyon at organisasyon (M=4.55,SD=0.50), at pagsasanay (M=4.60,SD=0.45).

Napag-alaman din na walang malaking pagkakaiba ang antas ng akseptabilidad ng mag-aaral at guro sa modyul ng isinaling tekstong Noli Me Tangere sa wikang Sinugbuanong Binisaya ayon sa p-value na 0.48 at computed T-test na 0.72.

Konklusyon

Ayon sa mga resulta ng pag-aaral na ito, ang mga sumusunod na konklusyon ay nakuha ng mananaliksik. Ang pag-aaral na ito ay nagpakita ng mataas na antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wikang Sinugbuanong Binisaya at nagpatunay na ang paggamit ng wikang Sinugbuanong Binisaya sa pagbibigay kaalaman ng Noli Me Tangere ay may malaking kahalagahan at epekto sa pagkatuto at pagtanggap ng mga guro at mag-aaral. Ipinakita ng mga resulta na ang isinaling teksto ng Noli Me Tangere sa wikang Sinugbuanong Binisaya ay may mataas na balidasyon sa mga aspeto ng kawastuhang pangretorika, panggramatika, at kalinawan. Gayundin, ang binuong modyul sa parehong wika ay nakapamalas ng mataas na bisa, pagkagamitin, at kaangkupan sa mga guro at mag-aaral.

Ang akseptabilidad ng modyul ng Noli Me Tangere sa wikang Sinugbuanong Binisaya ay ipinakita rin ng mga guro at mag-aaral bilang lubos na tinanggap, batay sa mataas na resulta sa mga aspekto ng layunin, nilalaman, pormat, ilustrasyon, disenyo, presentasyon, organisasyon, at pagsasanay. Walang natuklasang makabuluhang pagkakaiba sa akseptabilidad ng mga guro at mag-aaral, na nagpapakita ng malakas na pagsang-ayon sa kahusayan at pagiging angkop ng modyul

Sa pangkalahatan, ang paggamit ng unang wika sa pagtuturo ng Noli Me Tangere ay nagpakita ng positibong epekto sa pagpapabuti ng edukasyon, hindi lamang sa aspekto ng pag-unawa sa teksto kundi pati na rin sa pagpapaunlad ng kasanayan sa wika at kultura. Ang modyul na binuo ay naging epektibo at tanggap ng parehong guro at mag-aaral, na nagsusulong ng mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa pambansang panitikan sa konteksto ng lokal na wika at kultura.

SANGGUNIAN

- [1] Arevalo, M. E. (2022). Preferensyang wika sa pagtuturo at pagkatuto ng mother-tongue sa distrito ng San Miguel: Batayan sa pagbuo ng kagamitang panturo. *Asia Pacific Journal of Social and Behavioral Sciences*.
- [2] Banawa, M. J. D. (2001). Sebuano interferens: Panimulang pag-aaral. *Asia Pacific Journal of Social Innovation* (formerly *The Mindanao Forum*), 16(2), 43-54.
- [3] Ferrer, A. S. (2010). Reducción sa Bohol sa Dantaon 16 hanggang 19: Katangian at Anyo.
- [4] Fillmore, N. (2014). Mother tongue-based multilingual education policy and implementation in Mindanao, Philippines.
- [5] Francisquite, A. (2011). Pagsusuri sa morpolohiya ng wikang Blaan bilang batayan sa pagbuo ng modyul sa wika. *Sultan Kudarat State University*.
- [6] Kim, H., Burton, J., Ahmed, T., & Bale, J. (2020). Linguistic hierarchisation in education policy development: Ontario's Heritage Languages Program. *Journal of Multilingual and*



- Multicultural Development*, 41(3), 320-332.
<https://doi.org/10.1080/01434632.2020.1713245>
- [7] Lewis, M., Simons, G. F., & Fennig, C. D. (Eds.). (2013). *Ethnologue: Languages of the World* (17th ed.). Dallas: SIL International.
- [8] Literal, A. (2023). e-Kagamitang panturo sa mga saling akdang Asyano at akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino. *Sultan Kudarat State University*.
- [9] Miculob, A. R. (2020). Pagsusuri sa mga Piling Fliptop Lines Nina Abra at Loonie: Mungkahing Disenyo Ng Aralin. *ACADEME University of Bohol, Graduate School and Professional Studies*.
- [10] Ndamba, G. T., Van Wyk, M. M., & Sithole, J. C. (2017). Competing purposes: Mother tongue education benefits versus economic interests in rural Zimbabwe. *The International Indigenous Policy Journal*, 8(1). <https://doi.org/10.18584/iipj.2017.8.1.1>
- [11] Nibalvos, I. M. P. (2017). Ang Wika sa Pamublikong Espasyo: Isang Pag-aaral sa Tanawing Pangwika ng Maynila. *Scientia-The International Journal on the Liberal Arts*, 6(2).
- [12] Peteros, M. (2022). Modyul sa iba't ibang mekanismo ng pagsulat at pagkatuto ng mag-aaral sa ikapitong baitang. *Sultan Kudarat State University*.
- [13] Rabuya, J. C. A. (2023). Pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng Filipino at Ingles bilang midyum ng pag-aaral ng matematika sa makabagong daigdig. *International Journal for Multidisciplinary Research*, 5(4).
- [14] Taylor, S. K. (2019). Multilingualism. In *An introduction to applied linguistics*.
- [15] Gadaza, A., Manera, A., Caban, R., Alih, C., Tulawie, A., & Picpican, H. (2025). Cultural Identity and Historical Consciousness: A Study of Philippine History Instruction in Tertiary Education. *International Journal on Culture, History, and Religion*, 7(SI2), 19–35. <https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.135>
- [16] Butac, S., Manera, A., Gonzales, E., Paller, R., Eustaquio, M. T., & Tandoc, J. J. (2025). Forging Global Citizens: A Comparative Study of Intercultural Pedagogical Practices of Higher Educational Institutions in the Philippines. *International Journal on Culture, History, and Religion*, 7(SI2), 62–79. <https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.171>
- [17] Gadaza, A., Manera, A., Santos, S., Alih, C., & Caban, R. (2025). Reviving the Past, Teaching the Future: The Role of Philippine Cultural Heritage in Curriculum Development of Teacher Education Programs Focus. *International Journal on Culture, History, and Religion*, 7(SI2), 80–97. <https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.169>
- [18] Manera, A., Dalaten, M. A., Matammu, C., Catungal, M., Prestoza, M. J., & Ligutan-Siplac, G. (2025). Narratives of Nationhood: Culturally Attuned Pedagogies for Filipino Literature in a Multilingual Educational Landscape. *International Journal on Culture, History, and Religion*, 7(SI2), 296–312. <https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.158>



- [19] Ferranco, M. (2025). Emotional Intelligence and Culturally Grounded Leadership: A Study of Small Business Owners in San Pedro, Laguna, Philippines. *International Journal on Culture, History, and Religion*, 7(SI2), 191–202. <https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.197>
- [20] Caliboso, J., Bagalay, B., Santiago, M. grace, Bayan, R., Aguinaldo, I., & Belo, J. (2025). Literary Texts as Cultural Tools: A Study on Contextualized Learning Strategies in Philippine Higher Education. *International Journal on Culture, History, and Religion*, 7(SI2), 340–355. <https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.205>
- [21] Dela Cruz, L., Manera, A., Ramirez, E., Macato, D., Catbagan, R. J. I., & Tulawie, A. (2025). Bridging Cultures in the Classroom: Analyzing Pedagogical Approaches that Promote Intercultural Competence in Multicultural Higher Education Settings. *International Journal on Culture, History, and Religion*, 7(SI2), 242–261. <https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.202>
- [22] Eustaquio, M. T., Clemente, R., Joaquin, M., Manaois, F. R., Alih, C., & Tulawie, A. (2025). Reimagining Pedagogy through Cultural Narratives: Integrating Philippine Literature in Higher Education Classrooms. *International Journal on Culture, History, and Religion*, 7(SI2), 262–277. <https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.203>
- [23] Belarga, B., Guiquing-Clemente, B., Tulawie, A., Alih, C., Caban, R., & Manois, F. R. (2025). From Page to Praxis: The Role of Regional Literature in Shaping Culturally Grounded Teaching Methods in HEIs. *International Journal on Culture, History, and Religion*, 7(SI2), 356–371. <https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.206>
- [24] Navasca, R., Abaquita-Espiritu, J., Calaranan, M., Navasca, M., Tugelida, N. B., & Tamayo, S. (2025). Culturally Rooted Pedagogies in Technical-Vocational Education: Teaching Practices and Cultural Integration among TVL-TLE Instructors and Professors in Philippine Higher Education. *International Journal on Culture, History, and Religion*, 7(SI2), 372–387. <https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.207>
- [25] Dela Cruz, L., Aguinaldo, I., Alzate, L. J., Camero, C., Abiado, K. R., & Gumpal, B. (2025). Fostering Intercultural Competence through Culturally Responsive Pedagogy: Practices and Perspectives in Philippine Higher Education Institutions. *International Journal on Culture, History, and Religion*, 7(SI2), 36–50. <https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.187>